

Katutubong Salita: Tuon sa Kasanayang Komunikatibo

Loida G. Marasigan (PhD)¹, Glenda C. Castillo², Christy D. Suizo³
Mindoro State College of Agriculture and Technology – Calapan City
Campus, Oriental Mindoro, Philippines
polemath@yahoo.com

Date Received: November 9, 2018; Date Revised: February 4, 2019

**Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research**
Vol. 7 No.1, 28-32
February 2019
Special Issue
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
CHED Recognized Journal
ASEAN Citation Index

Abstract. *The Filipino language has been going through colorful and worthwhile stages of development. As a living language, it faces the challenges of change everyday. Languages serves as the vehicle of communication to fully express the competence in both speaking and writing which are being used in different context. Communicative competence is very significant in honing the ability to engage and impart the knowledge on the language. The primary aim of this study is to cultivate and use the indigenous vocabulary in the teaching-learning process. The results of the study were used as basis and guide in the development of instructional materials which will be very beneficial in enhancing the language proficiency. Descriptive method of research was employed in this study. It was participated by 200 second to fourth year level students who are majoring in Filipino from both public and private institutions in Oriental Mindoro. The study found out that teachers have their own strategies in teaching the indigenous vocabulary in terms of using them in speaking and vocabulary enrichment, although there were words which students found difficult to understand and use in their conversations. This study proved that the indigenous vocabulary causes barrier in communication. The findings of the study will become a valuable tool in inculcating deeper sense of appreciation towards indigenous vocabulary. Furthermore, in cultivating the Filipino language as a discipline and utilizing the language in the teaching-learning process in Filipino.*

Abstrak- *Ang wikang Filipino ay dumaraan sa makulay at makabuluhang panahon ng pagsulong. Bilang isang buhay na wika, araw-araw itong humaharap sa dakilang hamon ng pagbabago. Pangunahing layunin sa pag-aaral na ito na malinang at magamit ang mga katutubong salita sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kinalabasan ng pag-aaral ang siyang naging basehan at gabay ng paggawa ng kagamitang pampagtuturo na makatutulong upang mapataas ang antas ng kasanayan sa wika. Ginamit sa pag-aaral na ito ang Palarawang pamamaraan. Ito ay kinasangkutan ng mga mag-aaral sa Ikalawa hanggang Ikaapat na taon na nagmamedyor sa Filipino mula sa mga pampubliko at pambribadong institusyon sa Oriental Mindoro. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang mga guro ay mayroong sariling pamamaraan ng pagtuturo ng katutubong salita bagaman may mga katutubong salita pa rin ang hindi lubos na maunawaan at magamit ng mga mag-aaral sa kanilang pakikipagkomunikasyon. Maraming dahilan ang nakaapekto sa hindi paggamit ng mga ito, una ay hindi lubusan ang pagkaunawa ang bagong tuntunin ng makabagong ortograpiyang pambansa; ikalawa'y dulot ng modernong teknolohiya; at ikatlo'y ang dayalektong kinabibilangan. Samakatwid, masasabing ang mga katutubong salita ay hindi ganap ang paggamit sa pakikipagkomunikasyon. Inirerekomenda ng mananalisis na patuloy na isagawa ang pag-aaral na ito at gumawa ng modyul bilang isang kagamitang pampagtuturo gamit ang mga katutubong salita. Gamitin ang mabubuon modyul na nakaangkla sa silabus sa pagtuturo ng Filipino.*

Susing salita – katutubong salita, kasanayang komunikatibo, wika, pakikipagkomunikasyon, pagtuturo, pagkatuto

PANIMULA

Ang isang mahusay na komyunikeytor ay nagtataglay hindi lamang ng kaalaman tungkol sa wika kundi ng kahusayan, kasanayan, at galing sa paggamit ng wikang angkop sa mga sitwasyong pangkomunikatibo. Sa pagtatamo nito, kailangan nang

pantay na pagtalakay sa mensaheng nakapaloob sa teksto maging sa porma o kayarian ng wikang ginamit sa teksto. Ang katutubong wika ay naging batayan ng wikang pambansa – Filipino. Pinatutunayan ng karanasan na kahit hindi pormal na pinag-aaralan, maraming mamamayan ang natuto ng wikang Tagalog.

Madaling nauunawaan ang diwa, kahulugan at nilalaman ng mga Tagalog na pangungusap dahil ito ay nahahawig sa iba pang wikain.

Ang wikang Tagalog ay ang katutubong sinasalita at ginagamit sa Katagalugan. Madaling matutuhan at magamit sa pagsasalita at nagsisilbing daan ng paglawak, pag-unlad, paglinang, pagyaman at pagiging bansa ng mga Pilipino. Ang wikang Tagalog ang magdadala sa pakikisama at pakikilahok sa alinmang ibang wikang maaaring kailanganin sa kultura at katalinuhang pambansa ng ating bayan. Ito ay sumasakop sa mas malawak na konteksto ng lipunan at kultura. Ito'y ang wika kung paanong ginagamit at hindi lang basta ang wika at mga tuntunin nito [1]. Ang pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga katutubong salita sa kanilang kasanayang pangkomunikatibo ang pinakapokus ng pag-aaral na ito. Ito ay nakatuon din sa malawakan at tahasang paggamit ng mga katutubong salita sa kasanayang pangkomunikatibo, pasalita man o pasulat ng mga mag-aaral na nagmamedyor ng Filipino.

Batay sa aklat ni Bernales [2], ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may pinakamaraming diyalekto. Sa mahigit na pitong libong pulo mayroon tayo, higit sa apat na raang iba't ibang diyalekto o wikain ang ginagamit. Bawat rehiyon ay may sari-saring wikain o mga wikain. Kung tutuusin, hindi sana tumagal nang mahigit tatlong daan at tatlumpu ang ating pagkakaalipin kung noon pa mang unang taon ng pananakop ay may isa nang malawak na wikang nauunawaan at ginagamit ng mga Pilipino. Samakatuwid, upang magamit sa sukdulang kagamitan ang wika, dapat itong mahawakan nang buong- husay, maangkin nang ganap.

Inilahad sa aklat ni Pineda [3], na tayo ay nasa panahon pa ng pagpapaunlad at pagpapalaganap ng ating wikang pambansa, - ng Filipino. Mahaba pa ang landas na tatahakin natin bago maging lubos ang ating hangarin na ang Filipino'y maging tagapamansag ng ating mga pambansang mithiin, isipan at damdamin. Gusto nating lumakas bilang bansang malaya, ang isang daan ay Filipino. Ang kailangan natin ay isang kasangkapan ng komunikasyon para sa lahat ng ating mamamayan – kasangkapang simple, abot ng lahat, gamitin, mabisa at di kumukupas.

Gayunpaman, may nakitang pagkakatulad ang aklat ni Pineda [3] at ang pananaliksik na ito sapagkat ang wikang ginagamit ng mga Mindoreño ay naging mabisang paraan ng komunikasyon. Sa kanilang mga Kulturang popular gaya nito ay malaya nilang naipapahayag ang tindi ng hangarin sa buhay.

Maaaring gamitin ang wika sa pakikihamak, pakikipaglaban, pagpapahalaga at pagtitipon [4]. Sa pamamagitan nito naipaaabot ng mga tao ang kanilang damdamin, kagustuhan, asal, tradisyon at diwa sa kanilang kapwa.

Sa kabilang banda, sa modernong panahon na ating kinasasangkutan ngayon, marami na rin ang mga salitang patuloy na umuusbong at nalilalang nang dahil na rin sa paglaganap ng teknolohiya. Maraming mag-aaral ang hirap nang unawain ang mga katutubong salita na naging ugat upang mas lumago pa ang wikang Filipino. Sa pag-aaral na ito, tutukuyin ang pag-unawa at paggamit ng mga mag-aaral sa mga katutubong salita upang mas mapahalagahan at tahasang magamit sa kanilang kasanayang pangkomunikatibo.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag aaral na ito na tukuyin at gamitin ang mga katutubong salita sa kasanayang pangkomunikatibo. Sasagutin sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan: 1) Ano ang mga katutubong salita ang ginagamit ng mga mag-aaral sa knilang pakikipagkomunikasyon?; 2) Paano tinatanggap ang mga katutubong salita sa pagtuturo at pagkatuto ng mga araling?; 3) Paano nakaapekto ang paggamit ng mga katutubong salita sa pagtuturo at pagkatuto ng mga aralin?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Palarawang pamamaraan. Ito ay kinasasangkutan ng mga mag-aaral sa pampublikong institusyon na may bilang na 104 at 96 na mula naman sa pribadong institusyon na nagmamedyor ng Filipino mula Ikalawa hanggang Ikaapat na Taon sa Oriental Mindoro sa Taong Panuruan 2016-2017. Inilapat ang *Random Sampling* sa pananaliksik na ito.

Ginamit ang Talatanungan-Tseklist at pakikipanayam bilang instrumento ng pananaliksik. Ang pamamaraan sa pagkuha ng datos ay ang mga sumusunod; una, humingi ng kapahintulutan sa mga mag-aaral upang sila ay kapanayamin, ikalawa, ang pangangalap at pagpapatala ng mga katutubong salita, at panghuli ay ang pagsusuri at pag-aanalisa ng mga datos na nakalap mula sa mga mag-aaral. Ang pakikipanayam ay isinagawa sa mga guro sa Filipino na nagtuturo ng 20-30 taon sa kolehiyo. Ang mga nakalap na salita ay maituturing na hindi ginagamit sa ngayon.

KINALABASAN NG PAG-AARAL

Talahanayan Blg. 1. Kalipunan ng mga Katutubong Salita na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Pakikipagkomunikasyon

SALITA

1. alimpungat	51. linggatong
2. alimpuyo	52. lipos
3. alunsina	53. lukbutan
4. antig	54. lunggati
5. antigo	55. luwad
6. antipara	56. luwat
7. apuhap	57. malakaya
8. ayungin	58. ngalumata
9. balam	59. pailanlang
10. balana	60. palitada
11. balaraw	61. panibugho
12. balatay	62. param
13. balintataw	63. pinid
14. balintuna	64. pintakasi
15. batulan	65. pintuho
16. bulaan	66. pulas
17. dalahira	67. pulos
18. dalita	68. puyos
19. dalumat	69. sagwil
20. dimdim	70. sakbibì
21. duhagi	71. salamisim
22. eskaparate	72. salampak
23. galasgas	73. saling
24. gitaw	74. signos
25. gulumihanan	75. sigwa
26. haginit	76. sikdo
27. hayok	77. silakbo
28. hilahil	78. silong
29. himaton	79. simbad
30. himpil	80. simpan
31. hinuha	81. simpatya
32. hirati	82. singkad
33. hungkag	83. singkaw
34. huntahan	84. siphayo
35. huwad	85. sukab
36. imbulog	86. supil
37. kaginsa-ginsa	87. taghoy
38. kahambal-hambal	88. tagistis
39. kalabukab	89. talima
40. kalatas	90. talos
41. kintal	91. talupak
42. kislot	92. tangis
43. kulasim	93. tigib
44. kuyom	94. tiim
45. labaha	95. tilad
46. lagak	96. timyas
47. lawig	97. tudla
48. limahid	98. tudyò
49. limayon	99. tulyapis
50. linang	100. ulayaw

Ang kasanayang gramatikal ay ang kakayahang umunawa at makabuo ng mga estruktura sa wika ayon sa tuntunin sa gramatika. Ang kasanayang sosyo-linggwistik naman ay ang kakayahang magamit ang wika sa isang kontekstong sosyal. Ayon kay Espiritu [5], may mga salik panlipunan na dapat isaalang-alang sa paggamit ng wika. Ito ay ang ugnayan ng nag-uusap, ang paksa, lugar at iba pa. Ang mga salik panlipunan na ito ay pinaikli at nilagom ni Hymes [6] sa akronim na SPEAKING [7]. Samantala, ang kasanayang diskorsal naman ay tumutukoy sa kakayahang mabigyan ng wastong interpretasyon ang napakinggang pangungusap o pahayag upang makabuo ng isang makabuluhang kahulugan. Ang huli ay ang kasanayang strategik na tumutukoy sa kakayahan kung paano niya gagamitin ang wika sa iba't ibang sitwasyon.

Ang paglinang ng wika ay nakapokus sa kapakinabangang idinudulot nito sa mga mag-aaral na matutunan ang wika upang sila ay makipamuhay sa kanilang kapwa at mapahalagahan nang lubusan ang kanilang ginagalawan. Ang kasanayan at kakayahan na gamitin ang wika sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ay makatutulong upang malinang ang kakayahan sa pagtuturo at pagkatuto ng bawat katutubong salita.

Ang mananaliksik ay nakalikom ng 100 katutubong salita na ginagamit ng mga nagmamayorya sa Filipino sa pagtalakay ng mga paksa sa kanilang aralin lalong higit sa mga akdang pampanitikan tulad ng nobela, maikling kwento, dula, tula at iba pa. Ang mga salitang ito ay nagagamit bilang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pagtalakay subalit hindi lubusang nauunawaan ang taglay nitong kahulugan. Matutunghayan sa Talahanayan Bilang 1 ang kalipunan ng mga katutubong salita.

Mapapansin na ang mga salitang nakalap ay karaniwang nababasa sa mga akdang pampanitikan. Ang mga salitang ito'y nakatutulong upang maging mas masining at malikhain ang mga nasabing akda. Ginagamit ang mga ito upang mabigyang kabuluhan at kahulugan ang daloy ng mga ideyang nakapaloob sa bawat akda. Nakatutulong din ang mga salitang ito upang maipamalas ang galing at husay ng mga manunulat sa paggamit ng wikang Filipino. Nililina din ng mga salitang ito ang malawak na talasalitaan ng mga manunulat ganun din sa mga mambabasa. Napahuhusay din ang kanilang pakikipagkomunikasyon lalong higit sa talakayan.

Pagtanggap ng mga katutubong salita sa pagtuturo at pagkatuto ng mga aralin

Nakasandig ang konsepto ng pag-aaral na ito ang ugnayan ng wika at kultura. Sinasabing pangunahing batayan ang wika sa paghubog ng kultura. Ito ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng bawat isa. Kung nais mong suriin ang kultura ng isang lahi, kinakailangang pag-aralan ang wika nito. Bukod dito, ang wika rin ang nagbubukold sa tao upang manatiling nagkakaisa at nagpapahalaga sa kanilang kultura.

Mula sa konseptong ito, mapapatunayan na ang pag-aaral ng kultura at wika ay magsisilbing matibay na pundasyon at daan patungo sa pagkatuto sapagkat itinuturing ang wika bilang kaluluwa ng isang kultura. Ito rin ang magiging tulay sa lubos na pag-unawa, pagsasalita, pagbasa at pagsulat tungo sa pagtatamo ng matinong edukasyon.

Batay sa kinalabasan ng talatanungan-tseklist at pakikipanayam sa mga mag-aaral na isinagawa ng mga mananaliksik, may mga salitang lubos na nilang nauunawaan tulad ng mga salitang *silong, linang, tangis, kintal, simpatya, hinuha, panibugho, alimpungat, antig, at antigo*. Nauunawaan din nila ang mga salitang *pintakasi, kalabukab, kahambal-hambal, alimpungat, himpil, kislol, talima, luwad, hungkag at balintataw*. Ang mga salitang ito'y karaniwan na nilang nababasa at palasak na nagagamit sa kanilang pakikipagkomunikasyon.

Tunay na intelektwalisado ang paggamit ng mga salitang nabanggit sapagkat hindi lamang sa pagtuturo at pagkatuto sa mga aralin ito nagagamit bagkus ganoon din sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Ang mga salitang ito'y kanilang naririnig, nababasa, naisusulat at nasasalita nang wasto at may tamang kahulugan. Masasabing patuloy na nabubuhay ang wika para sa mga katutubong salitang ito.

Samantala, marami pa rin sa mga nakatalang katutubong salita ang hindi lubos na nauunawaan ng mga mag-aaral. Ang mga salitang ito ay tulad ng *alimpuyo, ayungin, sakbibibi, ngalumata, balam, balaraw, sikdo, salamisim, duhagi, lunggati, linggatong, dalumat, simpan, gitaw, tudla, alimpungat, imbulog, limahid at saling*. Batay sa pakikipanayam sa mga mag-aaral, ang mga salitang ito'y hindi nila gaanong nababasa sa mga babasahin tulad sa mga akdang pampanitikan; hindi rin nila gaanong naririnig at nagagamit sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon. Ang ibang salita'y bago lang sa kanilang pandinig at paningin. May ilan naman sa

mga salitang ito'y naririnig at nababasa ngunit hindi naman nila alam ang kahulugan.

Sa mga ganitong uri ng salita, masasabi nating ang wika ay may sariling kakanyahan. Ito ay dumede depende sa lugar, sitwasyon at mga taong kasangkot sa pakikipag-ugnayan. Maaaring may iba silang katawagan para dito. Maaari din namang mas gumagamit sila ng mga salitang mas mababaw pa upang mas maipaanawa ang ibig nilang ipakahulugan.

Sa ganitong kalagayan, nararapat na ang mga katutubong salita ay patuloy na gamitin sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral nang sa gayon ang wikang Filipino ay patuloy na nabubuhay sa isip at salita. Samakatuwid, ang kultura nati'y patuloy na uunlad dahil ang wika ay buhay.

Epekto ng paggamit ng mga katutubong salita sa pagtuturo at pagkatuto ng mga aralin

Ang pagsusulong ng estandardisasyon at modernisasyon ng ortograpiya ay malaking ambag sa pagkamit ng layunin at mithiin ng edukasyon. Tugon dito ang inilabas ng Komisyon ng Wikang Filipino na Binagong Ortograpiyang Pambansa [8]. Layunin ng naturang ortograpiya na mailahok ang mahahalagang kaakuhan ng mga katutubong wika tungo sa estandardisadong ortograpiyang Filipino na maaaring gamitin sa lahat ng wika sa Pilipinas.

Mahalaga kung gayon ang pagsiyasat sa Binagong Ortograpiyang Pambansa matapos ang tatlong taon nitong implemetasyon upang matukoy ang suliranin sa pagtanggap ng patakarang pangwika at paggamit ng gabay sa pagsulat nang mabigyang ng mungkahing solusyon. Ang yugtong ito ay bahagi ng pagplano ng wika tungo sa estandardisasyon.

Hindi lingid sa ating kaalaman na maraming suliranin ang kinakaharap ng pagpapalaganap sa binagong gabay sa pagsulat at pagsasalita ng wikang Filipino. Tulad ng kalituhan sa mga gabay dahil sa patuloy na reporma sa ortograpiya sanhi ng iba't ibang baryasyon sa pagbaybay ng midya, publikasyon at paggamit ng magkakaibang tuntunin. Masasabing hilaw pa sa kaalaman ang mga guro at mag-aaral ukol sa tuntunin ng Binagong Ortograpiyang Pambansa.

Sa panahon ngayon, maraming guro at mag-aaral ang nabubuhay sa teknolohiya. Halos lahat ng salitang nagagamit ay dulot ng makabagong teknolohiya. Masasabing ang mga salitang ito ay simple at mababaw. Ang mga katutubong salita ay hindi na masyadong nalalaman at nagagamit sa pakikipagkomunikasyon kaya't ang mga ito'y nagiging bago sa kanilang paningin at pagdinig. Sa kalagayang

ito, ang mga katutubong wika ay nakatago at hilaw sa paggamit.

Bawat lalawigan ay may kanya-kanyang dayalekto. Marahil ito ang isa pa sa mga dahilan kung bakit hindi nagagamit ang mga pambansang wika. Ang mga katutubong salita ay may kanya-kanyang katawagan batay sa kanilang dayalekto at may sariling kahulugan [9]. Samakatuwid, hindi ganap na pagkaunawa at paggamit ng mga katutubong salita.

Ang pamamaraan sa pagtuturo ay mahalagang bigyang-pansin. Ang kakayahan ng guro na makapagsalin ng karunungan sa kanyang mga mag-aaral ay nakasalalay sa kanyang kahandaan gayundin sa estratehiya sa pagtuturo na kanyang gagamitin. Nararapat na ang guro ay mapamaraan sa pagtuturo ng mga katutubong salita. Nararapat din ang matalino at wastong paggamit ng mga ito sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan sa mga mag-aaral upang ang mga ito ay patuloy na maikintal sa kanilang isipan. Mula rito, naisip ng mananaliksik na magsagawa ng konseptwalisasyon ng isang kagamitang pampagtuturo na magagamit ng mga guro sa pagtuturo. Gayundin ay upang maipaunawa ang paggamit ng mga ito para sa patuloy na pagtangkilik at pagpepreserba ng mga katutubong salita.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga datos na natuklasan, inilahad at sinuri, nabuo ng mananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon na mayaman ang wikang Filipino sa mga katutubong salita na magagamit sa paglinang at pagpapayaman ng ating kultura. Ang mga guro ay mayroong sariling pamamaraan ng pagtuturo ng katutubong salita bagaman may mga katutubong salita pa rin ang hindi lubos na maunawaan at magamit ng mga mag-aaral sa kanilang pakikipagtalastasan. Maraming dahilan ang nakaaapekto sa hindi paggamit ng mga ito, una ay hindi lubusan ang pagkaunawa ang bagong tuntunin ng makabagong ortograpiyang pambansa; ikalawa'y dulot ng modernong teknolohiya; at ikatlo'y ang dayalektong kinabibilangan. Samakatuwid, masasabing ang mga katutubong salita ay hindi ganap ang paggamit sa pakikipagkomunikasyon. Hindi ganap na nauunawaan ang katutubong salita sa kasanayang pasalita sapagkat ito'y hindi palasak na nagagamit dagdag pa ang maling pagbigkas ng mga salita. Samantalang sa pasulat na paraan ay nagkakaroon ng hadlang sa pagbibigay-kahulugan. Limitado ang paggamit ng mga salita. Ang paggamit ng magkakaibang tuntunin at pagkakaiba-iba ng ispeling

ay nagpapawalang bisa para sa estandardisasyon at intelektwalisasyon.

Inirerekomenda ng mananaliksik na patuloy na isagawa ang pag-aaral na ito at gumawa ng modyul bilang isang kagamitang pampagtuturo gamit ang mga katutubong salita. Gamitin ang mabubuonang modyul na nakaangkla sa silabus sa pagtuturo ng Filipino.

SANGGUNIAN

- [1] Shuy, R. W. (2009). *The Oxford Handbook of Language and Law*. Oxford University Press.
- [2] Bernales, R. et al. (2013). "Akademikong Filipino para sa Kompetitibong Pilipino". Malabon City. Muya Publishing House, Inc.
- [3] Pineda, P. B. (2008). "Metamofosis ng Wikang Filipino". Makati City. Grandwater Publications.
- [4] Alcaraz, C. V., Jocson, M. O., Villafuerte, P. V., (2005). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Quezon City. Lorimar Publishing Co., Inc.
- [5] Espiritu, C. (2006). *Interaktibong Pagtuturo ng Filipino*. Panayam buhat sa Pambansang Seminar sa Filipino.
- [6] Hymes, D. (1974), *Foundations in Sociolinguistics: An Ethnographic Approach*, Philadelphia: University of Pennsylvania Press.
- [7] Ramos, A. V. (2010). *Sining ng Komunikasyon*. Capas, Tarlac. HISGOPHIL Publishing Inc.
- [8] Almario, V. S. (2014). *KWF: Manwal sa Masinop na Pagsulat*. National Library of the Philippines
- [9] Rodrigo, M. C. (2005). "Komunikasyon sa Akademikong Filipino". Mandaluyong City. Books Atbp. Publishing Corp

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).